# *Pananampalataya*

***“1 At nangyari pagkatapos ng mga bagay na ito, na sinubok ng Dios si Abraham, at sa kaniya'y sinabi, Abraham; at sinabi niya, Narito ako. 2 At kaniyang sinabi, Kunin mo ngayon ang iyong anak, ang iyong bugtong na anak na si Isaac, na iyong minamahal at pumaroon ka sa lupain ng Moria; at ihain mo siya roong handog na susunugin sa ibabaw ng isa sa mga bundok na aking sasabihin sa iyo. 3 At si Abraham ay bumangong maaga, at inihanda ang kaniyang asno, at ipinagsama ang dalawa sa kaniyang mga alila, at si Isaac na kaniyang anak: at nagsibak ng kahoy para sa haing susunugin, at bumangon at naparoon sa dakong sinabi sa kaniya ng Dios. 4 Nang ikatlong araw ay itiningin ni Abraham ang kaniyang mga mata at natanaw niya ang dakong yaon sa malayo. 5 At sinabi ni Abraham sa kaniyang mga alila, Maghintay kayo rito sangpu ng asno, at ako at ang bata ay paroroon doon; at kami ay sasamba, at pagbabalikan namin kayo. 6 At kinuha ni Abraham ang kahoy ng handog na susunugin, at ipinasan kay Isaac na kaniyang anak; at dinala sa kaniyang kamay ang apoy at ang sundang; at sila'y kapuwa yumaong magkasama. 7 At nagsalita si Isaac kay Abraham na kaniyang ama, na sinabi, Ama ko: at kaniyang sinabi, Narito ako, anak ko. At sinabi, Narito, ang apoy at ang kahoy, nguni't saan naroon ang korderong pinakahandog na susunugin? 8 At sinabi ni Abraham, Dios ang maghahanda ng korderong pinakahandog na susunugin, anak ko: ano pa't sila'y kapuwa yumaong magkasama. 9 At sila'y dumating sa dakong sa kaniya'y sinabi ng Dios; at nagtayo si Abraham doon ng isang dambana, at inayos ang kahoy, at tinalian si Isaac na kaniyang anak at inilagay sa ibabaw ng dambana, sa ibabaw ng kahoy. 10 At iniunat ni Abraham ang kaniyang kamay at hinawakan ang sundang upang patayin ang kaniyang anak. 11 At tinawag siya ng anghel ng Panginoon mula sa langit, at sinabi, Abraham, Abraham: at kaniyang sinabi, Narito ako. 12 At sa kaniya'y sinabi, Huwag mong buhatin ang iyong kamay sa bata, o gawan man siya ng anoman: sapagka't talastas ko ngayon, na ikaw ay natatakot sa Dios, sa paraang hindi mo itinanggi sa akin ang iyong anak, ang iyong bugtong na anak. 13 At itiningin ni Abraham ang kaniyang mga mata, at nagmalas, at narito, ang isang tupang lalake, sa dakong likuran niya na huli sa dawag sa kaniyang mga sungay: at pumaroon si Abraham, at kinuha ang tupa, at siyang inihandog na handog na susunugin na inihalili sa kaniyang anak. 14 At pinanganlan ni Abraham ang dakong yaon, ng Jehova-jireh: gaya ng kasabihan hanggang sa araw na ito: Sa bundok ng Panginoon ay mahahanda. 15 At tinawag ng anghel ng Panginoon si Abraham na ikalawa mula sa langit. 16 At sinabi, Sa aking sarili ay sumumpa ako, anang Panginoon, sapagka't ginawa mo ito, at hindi mo itinanggi sa akin ang iyong anak, ang iyong bugtong na anak; 17 Na sa pagpapala ay pagpapalain kita, at sa pagpaparami ay pararamihin ko ang iyong binhi, na gaya ng mga bituin sa langit, at gaya ng mga buhangin sa baybayin ng dagat; at kakamtin ng iyong binhi ang pintuang-bayan ng kaniyang mga kaaway; 18 At pagpapalain sa iyong binhi ang lahat ng bansa sa lupa; sapagka't sinunod mo ang aking tinig.” (Genesis 22:1-8 KJV)***

Palaging tinatawag si Abraham na ama ng pananampalataya. Tinawag ng Dios si Abraham upang lisanin ang kanyang tahanan sa bansa ng Ur upang pumunta sa isang lupain hindi niya alam. Naniwala si Abraham sa sinabi ng Dios sa kanya at yumaon. Ang pananampalataya n Abraham ay sinubok sa maraming paraan, ngunit ang isa sa pinakamahalagang mga pagsubok na naitala sa ***Genesis 22*** gaya ng binasa natin kung saan hiniling ng Dios kay Abraham na ibigay ang kanyang bugtong na anak, si Isaac, at ihandog siya sa Bundok ng Moriah. Si Abraham ay masunurin, nananampalataya sa Dios na kayang bumuhay mula sa patay gaya ng babasahin natin, ***“17 Sa pananampalataya, nang subukin si Abraham, ay inihandog si Isaac: oo, siyang tumanggap na may galak ng mga pangako ay siyang naghandog sa kaniyang bugtong na anak; 18 Sa makatuwid baga'y yaong pinagsabihan, Kay Isaac ay tatawagin ang iyong binhi: 19 Na inisip na maging sa gitna ng mga patay ay maaaring buhayin siyang maguli ng Dios; mula diyan din naman ay muli siyang tinanggap sa isang halimbawa.” (Hebreo 11:17-19 KJV)*** Ngunit bilang gusto niyang ihandog ang kanyang anak pinigilan siya ng Dios sa paghahandog kay Isaac at ibinigay ang usa, nahuli sa kakahuyan upang maihandog sa halip. Nanatiling isang mabuting halimbawa sa atin si Abraham sa kung anong ibig sabihin ng pananampalataya. ***Roma 4:16*** sinasabi, ***“16 Dahil dito'y sa pananampalataya, upang maging ayon sa biyaya; upang ang pangako ay lumagi sa lahat ng binhi; hindi lamang sa nasa kautusan, kundi pati naman sa nasa pananampalataya ni Abraham, na ama nating lahat.”***

Ano ang pananampalataya? ***Hebrew 11:1*** sinasabi, ***“1 Ngayon, ang pananampalataya ay siyang kapanatagan sa mga bagay na hinihintay, ang katunayan ng mga bagay na hindi nakikita.” **** Mayroong pagkakaiba ang pananampalataya at pag asa. Ang pag asa ay palaging nakatuon sa kinabukasan, ngunit ang pananampalataya ay itinatag sa kasalukuyan. * Ang pag-asa ay isang inaasahan patungkol sa mga darating na bagay, ngunit ang pananampalataya ay isang sangkap at tiwala ng isang bagay na tunay na hawak na ng taong nananampalataay. * Ang pananampalataya ay hindi nakabatay sa nakikita at nararamdaman sa pisikal na mga pandama, kundi ito ay nakabatay sa mga walang hanggan, nakatagong katotohanan na inihayag sa Salita ng Dios. Kahit na hindi pa natin nakikita ang mga bagay na pinaniwalaan natin sa Dios at pinagkakatiwalaan ang kanyang mga pangako.

Para mabuhay at makamit ang mabubuting bagay kailangan mo ng kapangyarihan at kayamanan bilang tutulong upang gawin iyon. Ang mga tao ay karaminwang nakadepende sa kanilang nakikita sa paligid nila; ginagamit

nila ang kanilang mga pakiramdam upang sukatin ang mga bagay na nariyan sa kanilang mga kamay. Ngunit iyon ay hindi pananampalataya sa Dios! Ang pananampalataya sa Dios ay uoang maging tiyak sa mga bagay maging hindi nating nakikita.

Nakikita natin sa ating paligid ang dakilang mga bagay; matataas na kabundukan, matataas na talon, malalaking dagat at karagatan, at kalangitan na may lahat ng mga bituin at kalawakan. Iyon ang dakilang mga bagay ngunit ang Dios ay mas dakila sa lahat; Siya ang Makapangyarihang Dios na lumikha ng lahat ng mga bagay. Kaya't ang ating pananampalataya ay hindi batay sa kung anong ating nakikita kundi sa hindi nakikita, ang Dakilang Makapangyarihang Dios. Ang Lumikha ng Langit at lupa. ***"18 Samantalang kami ay nagsisitingin hindi sa mga bagay na nangakikita, kundi sa mga bagay na hindi nangakikita: sapagka't ang mga bagay na nangakikita ay may katapusan; datapuwa't ang mga bagay na hindi nangakikita ay walang hanggan." (2 Corinto 4:18 KJV)*** Kaya't mabuhay nang mtaagumpay at gawin ang dakilang mga bagay upang magkaroon ng pananampalataya sa Dios na makakagawa ang dakilang mga bagay para sa atin. Para sa bawat isa sa atin binigyan tayo ng Dios ng sukat ng pananamapataya at sa pananampalatayang ito tayo'y namumuhay na di umaasa sa mga pisikal na mgaa bagay na ating nakikita, ang ating mga nakikita ay pansamantala, hindi sapat, may hangganang kapangyarihan, at sa huli'y hindi sapat. Sakatuwid, susundin natin ang sinabi ng Salita ng Dios, ***"7 (Sapagka't nagsisilakad kami sa pamamagitan ng pananampalataya, hindi sa pamamagitan ng paningin);" (2 Corinto 5:7 KJV)***

Ibinigay ng Panginoong Dios ang Kanyang Tangi at bugtong na anak ang Panginoong JesuCristo, ***"16 Sapagka't gayon na lamang ang pagsinta ng Dios sa sanglibutan, na ibinigay niya ang kaniyang bugtong na Anak, upang ang sinomang sa kaniya'y sumampalataya ay huwag mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan." (Juan 3:16 KJV)*** Si Cristo ay dumating upang iligtas tayo. Siya ay nagdusa at namatay para sa ating mga kasalanan sa krus. Namatay Siya para sa atin upang ibigay ang buhay na walang hanggan at magkaroon ng buhay at mamuhay nang ganap. Kaya, ***"2 Na masdan natin si Jesus na gumawa at sumakdal ng ating pananampalataya, na siya dahil sa kagalakang inilagay sa harapan niya ay nagtiis ng krus, na niwalang bahala ang kahihiyan, at umupo sa kanan ng luklukan ng Dios." (Hebreo 12:2 KJV)*** Ang pananampalataya ay ituon ang ating paningin kay Jesus. Ang ating pananamapalataya ay lalago kung itutuon natin ang ating paningin kay Jesus at hindi sa mga kahirapana, pagsubok, o hindi kanais nais na pangyayari; dahil kung titingin at pagbibigyan natin ang atensyon ang ganitong mga bagay ang ating pananampalataya ay manghihina at hindi makakatayo sa mga pangyayaring iyon at tayo ay lulubog. Ngunit kapag itinuon natin ang ating paningin kay Jesus ang may akda at tagapagtaguyod ng ating pananampalataya, tayo ay itataas at magagawa nating malampasan ang mga pagsubok at makamit ang dakilang mga bagay para sa Dios sa ating buhay.

Laban sa pananampalataya ay pagdududa na magpapahina sa ating pananampalataya at hahadlang sa atin mula sa pagtanggap sa pagpapala ng Dios, Isang panahon ang Panginoon ay naglalakad sa tubig at tinanong Siya ni Pedro. ***"28 At sumagot sa kaniya si Pedro, at nagsabi, Panginoon, kung ikaw nga, ay papariyanin mo ako sa iyo sa ibabaw ng tubig. 29 At sinabi niya, Halika. At lumunsad si Pedro sa daong, at lumakad sa ibabaw ng tubig upang pumaroon kay Jesus. 30 Datapuwa't pagkakita niyang malakas ang hangin, ay natakot siya, at nang siya'y malulubog, ay sumigaw, na nagsasabi, Panginoon, iligtas mo ako. 31 At pagdaka'y iniunat ni Jesus ang kaniyang kamay at hinawakan siya, at sa kaniya'y sinabi, Oh ikaw na kakaunti ang pananampalataya, bakit ka nagalinglangan"" (Mateo 14:28-31 KJV)*** Bagaman imposibleng lumakad sa tubig ngunit nagawa ni Pedro ito dahil sinabi ng Panginoon ito sa kanya. Ngunit nang tumingin siya sa hangin, siya ay natakot at nagsimulang lumubog. Nagawa ng hangin na siya'y magduda, at ang pagdududa ang nagpahina sa kanyang pananampalataya at nag akay sa kanyang mahulog, ngunit salamat sa Pangiooon naroon Siya upang tulungan siya. Samakatuwid kapag itinuon natin ang ating mga mata kay Jesus at sa Kanyang kapangyarihan tayo ay itataas, ngunit kapag ituon natin ang ating paningin sa ibang mga bagay babagsak tayo.

Ang pananampalataya ay pagtitiwala sa Dios at pagiging tiyak sa mga bagay na hindi natin nakikita. Kailangan nating pagkatiwalaan ng Dios at ang Kanyang Salita kahit na hindi mo ito nakikita. Basahin natin ang pangyayaring ito sa Bibliya na sinasalita ang tungkol sa nangyari pagkatapos ng muling pagkabuhay ni Jesus mula sa kamatayan at ang Kanyang pagpapakita sa Kanyang mga alagad. ***"24 Nguni't si Tomas, isa sa labingdalawa, na tinatawag na Didimo, ay wala sa kanila nang dumating si Jesus. 25 Sinabi nga sa kaniya ng ibang mga alagad, Nakita namin ang Panginoon. Nguni't sinabi niya sa kanila, Malibang aking makita sa kaniyang mga kamay ang butas ng mga pako, at maisuot ko ang aking daliri sa butas ng mga pako, at maisuot ko ang aking kamay sa kaniyang tagiliran, ay hindi ako sasampalataya. 26 At pagkaraan ng walong araw ay muling nasa loob ng bahay ang kaniyang mga alagad, at kasama nila si Tomas. Dumating si Jesus, nang nangapipinid ang mga pinto, at tumayo sa gitna, at sinabi, Kapayapaan ang sumainyo. 27 Nang magkagayo'y sinabi niya kay Tomas, idaiti mo rito ang iyong daliri, at tingnan mo ang aking mga kamay; at idaiti mo rito ang iyong kamay, at isuot mo siya sa aking tagiliran: at huwag kang di mapanampalatayahin, kundi mapanampalatayahin. 28Sumagot si Tomas, at sa kaniya'y sinabi, PANGINOON ko at Dios ko. 29 Sinabi sa kaniya ni Jesus, Sapagka't ako'y nakita mo ay sumampalataya ka: mapapalad yaong hindi***

***nangakakita, at gayon ma'y nagsisampalataya." (Juan 20:24-29 KJV)*** Oo, iyon ay totoo, ***"mapapalad yaong hindi nangakakita, at gayon ma'y nagsisampalataya."***

Ang pagdududa ay nagdudulot ng luha sa pananampalataya at ginagawa tayong hindi makatatanggap ng mga pagpapala ng Dios. Kapag ang sinuman ay nanalangin at humingi sa Dios ng isang bagay, hindi siya dapat magduda. Sinasabi ng Salita ng Dios ang mga sumusunod tungkol sa taong humihingi sa Dios ng isang bagay ngunit may pagdududa pa rin sa kanyang puso,

***"6 Nguni't humingi siyang may pananampalataya, na walang anomang pagaalinlangan: sapagka't yaong nagaalinlangan ay katulad ng isang alon ng dagat na itinutulak ng hangin at ipinapadpad sa magkabikabila. 7 Sapagka't huwag isipin ng taong yaon na siya'y tatanggap ng anoman bagay sa Panginoon; 8 Ang taong may dalawang akala, ay walang tiyaga sa lahat ng kaniyang mga paglakad." (Santiago 1:6-8 KJV)*** Ang pagdududa sa isip ng tao ay hahadalng sa pagpapala ng Dios sa kanya.

Sa pagbabalik kay Abraham sa ***Roma 4*** makikita natin kay Pablo ay tinutukoy ang pananampalataya ni Abraham, ***"13 Sapagka't hindi sa pamamagitan ng kautusan ginawa ang pangako kay Abraham o sa kaniyang binhi na siyang magmamana ng sanglibutan, kundi sa pamamagitan ng katuwiran ng pananampalataya. 14 Sapagka't kung silang nangasa kautusan ay siyang mga tagapagmana, ay walang kabuluhan ang pananampalataya, at nawawalang kabuluhan ang pangako: 15 Sapagka't ang kautusan ay gumagawa ng galit; datapuwa't kung saan walang kautusan ay wala ring pagsalangsang. 16 Dahil dito'y sa pananampalataya, upang maging ayon sa biyaya; upang ang pangako ay lumagi sa lahat ng binhi; hindi lamang sa nasa kautusan, kundi pati naman sa nasa pananampalataya ni Abraham, na ama nating lahat. 17 (Gaya ng nasusulat, Ginawa kitang ama ng maraming bansa) sa harapan niyaong kaniyang pinanampalatayanan, sa makatuwid baga'y ang Dios, na nagbibigay ng buhay sa mga patay, at tumatawag sa mga bagay na hindi pa hayag na tila hayag na. 18 Siya na sumampalataya na nasa pagasa laban sa pagasa, upang maging ama ng maraming bansa ayon sa sabi, Magiging gayon ang iyong binhi. 19 At hindi humina sa pananampalataya na ipinalagay man ang kaniyang katawang tulad sa patay na (gayon siya'y may mga isang daang taon na), at ang pagkabaog ng bahay-bata ni Sara; 20 Kundi, sa pagtingin niya sa pangako ng Dios, ay hindi nagalinlangan sa pamamagitan ng di pananampalataya, kundi lumakas ng lumakas sa pamamagitan ng pananampalataya, na niluluwalhati ang Dios, 21 At lubos nanalig na ang Dios na nangako ay may kapangyarihang makagawa noon. 22 Dahil dito'y ibinilang naman na katuwiran sa kaniya. 23 Ngayo'y hindi lamang dahil sa kaniya isinulat, na sa kaniya'y ibinilang; 24 Kundi dahil din naman sa atin, na ibibilang sa ating mga nagsisisampalataya sa kaniya na bumuhay na maguli sa mga patay, kay Jesus na ating Panginoon, 25 Na ibinigay dahil sa ating mga kasuwayan, at binuhay na maguli sa ikaaaring-ganap natin." (Roma 4:13-25 KJV)*** Narinig ni Abraham ang Salita ng Dios. Sinabi ng Dios sa kanya sa talaat 13, ***"na siyang magmamana ng sanglibutan."*** kaya't tinalikuran ni Abraham ang kanyang kawalang pagasang kalagayan tulad ng babasahin natin sa talata 19. ***"19 At hindi humina sa pananampalataya na ipinalagay man ang kaniyang katawang tulad sa patay na (gayon siya'y may mga isang daang taon na), at ang pagkabaog ng bahay-bata ni Sara;*** Ang katawan ni Abraham ay gaya ng patay, ***"gayon siya'y may mga isang daang taon na"***, siya ay napaka tanda na upang magkaroon ng mga anak, nguit niyakap niya ang pagasa na inilarawan sa pangako ng Dios sa kanya sa talata 18, ***"18 Siya na sumampalataya na nasa pagasa laban sa pagasa, upang maging ama ng maraming bansa ayon sa sabi, Magiging gayon ang iyong binhi."*** Sinabi ng Dios sa kanya na siya ay magiging ***"ama ng maraming bansa"***. Hindi nag alinlangan si Abraham sa kanyang pananampalataya sa Dios gaya ng babasahin natin sa talata 20, ***"Kundi, sa pagtingin niya sa pangako ng Dios, ay hindi nagalinlangan sa pamamagitan ng di pananampalataya,*** sa halip sa di matatag sa pananampalataya siya'y nagalak sa Salita bilang natupad na katotohanan, kaya't si Abraham ***"ay lumakas ng lumakas sa pamamagitan ng pananampalataya, na niluluwalhati ang Dios"***.

Tinanggap ni Abraham ang pangako ng Dios bilang tunay, Tinanggihan niyang tanggapin ang patotoo ng kanyang mga nararamdaman nang hindi ito sumang ayon sa sinabi ng Dios, Mahigpit niyang pinanatili ang pangako ng Dios at sa kanyang mga pandama at karanasan sa pisikal na mundo na nagdala naayon sa kanyang pananampalataya. Ang mga bagay na kanyang pinaniniwalaan ay naging katotohanan; dahil si Abraham ay nagtitiwala sa Dios, nagawa niyang ipagpatuloy ang utos ng Dios na isakripisyo ang kanyang anak. Si Isaac. Ito ay tiwala at hindi lamang pagka-pabuhay, dahil sa ***Genesis 12*** Sinasabi ng Salta ng Dios sa atin na ipinangako ng Dios kay Abraham na sa pamamagitan niya ang lahat ng pamiya ng sanglibutan ay pagpapalain, ***"3 At pagpapalain ko ang mga magpapala sa iyo, at susumpain ko ang mga susumpa sa iyo: at pagpapalain sa iyo ang lahat ng angkan sa lupa." (Genesis 12:3 KJV)***

Paano sa atin ngayon? Sinasabi ng Bibliya sa ***1 Corinto 1:21 "21 Sapagka't yamang sa karunungan ng Dios ay hindi nakilala ng sanglibutan ang Dios sa pamamagitan ng kaniyang karunungan, ay kinalugdan ng Dios na iligtas ang mga nagsisipanampalataya sa pamamagitan ng kamangmangan ng pangangaral."*** Nanampalataya tayo sa pangangaral ng Salita ng Dios at tayo'y naligtas. ***Epeso 2:8*** sinasabi, ***"8 Sapagka't sa biyaya kayo'y nangaligtas sa pamamagitan ng pananampalataya; at ito'y hindi sa inyong sarili, ito'y kaloob***

***ng Dios;”*** Katulad ni Abraham tinawag tayo upang magtiwala sa Dios kahit na ang ipinangako Niya ay parang imposible. Tinggnan natin ngayon kung ano hindi pananampalataya.

***1. Ang pananampalataya ay hindi isang pagtalon sa kadiliman.*** Si Abraham ay hindi tumalon sa kadiliman kundi alam niyang tutuparin ng Dios ang Kanyang pangako na gawing ama siya ng maraming bansa.

***2. Ang pananampalataya ay hindi isang hinuha***. Hindi inisip ni Abraham na gagawin ng Dios ang Kanyang pangako, kundi alam niyang dahil nangako na ang Dios, tutuparin Niya ang Kanyang pangako.

***3. Ang pananampalataya ay hindi isang opinyon o hinuha.*** Si Abraham ay hindi kumilos batay sa isang opinyon, kundi sa ipinangako sa kanya ng Dios.

Ang tanong ngayon, bakit natin kailangan ang pananampalataya?

***1. Ang pananamapalaatya ay nag aakay sa atin sa Dios. “8 Sapagka't sa biyaya kayo'y nangaligtas sa pamamagitan ng pananampalataya; at ito'y hindi sa inyong sarili, ito'y kaloob ng Diosl; 9 Hindi sa pamamagitan ng mga gawa, upang ang sinoman ay huwag magmapuri.” (Epeso 2:8-9 KJV)*** Sa pamamagitan ng pananampalataya tayo ay naligtas ngunit maging ang pananampalataya ay biyaya ng Dios. Kung hindi ang iba’y maaring magmalaki, ngunit dahil hindi natin kayang manampalataya maliban kung hindi tayo binigyan ng Dios ng pananampalataya ibinibigay ng Diyos ang pananampalataya, alam natin na ito ay lahat ng biyaya ng Dios. Ang ating tungkulin, kung gayon, ay ang magkaroon ng pananampalataya sa biyaya ng Dios na ating natamo sa nakapagligtas na gawa ng pagkamatay at pagkabuhay na mag-uli ni Cristo para sa atin.

***2. Kailangan natin ang pananampalataya upang makipag usap sa Dios.*** Si Abraham ay nakipag usap sa Dios dahil patuloy siyang nananampalataya. ***Hebreo 11:6*** sinasabi. ***“6 At kung walang pananampalataya ay hindi maaaring maging kalugodlugod sa kaniya; sapagka't ang lumalapit sa Dios ay dapat sumampalatayang may Dios, at siya ang tagapagbigay ganti sa mga sa kaniya'y nagsisihanap.”***

***3. Ang pananampalataya kailangan sumunod sa Dios.*** Nanampalataya si Abraham sa Dios. Kaya naman nagawa niyang sumunod sa Dios. Walang pagsunod kung hindi tayo magtitiwala sa Dios. Sa ***Genesis 22:8***, ang mga salitang binitiwan ni Abraham ay nagpapakita na tunay siyang nanampalataya na gagawa ang Dios ng isang bagay. ***“8 At sinabi ni Abraham, Dios ang maghahanda ng korderong pinakahandog na susunugin, anak ko: ano pa't sila'y kapuwa yumaong magkasama.”***

Ano ang pinagkukuna ng ating pananampalataya/ Binasa natin sa ***Epeso 2:8-9*** na ang ating Dios ang pinagkukunan ang ating pananampalataya. Binigyan Niya tayo ng pananampalataya bilang isang kaloob mula sa Kanya. Binigyan Niya tayo ng pananampalataya sa pamamagitan ni Jesus, na Kanyang Anak. ***Hebreo 12:2*** tinawag si Jesus ***ang “gumawa at sumakdal ng ating pananampalataya.”***. Matapos nating tinangap ang buhay, ang pananampalataya ay nagmula sa pakikinig sa mensahe, ***“17 Kaya nga ang paniniwala'y nanggagaling sa pakikinig, at ang pakikinig ay sa pamamagitan ng salita ni Cristo.” (Roma 10:17 KJV)*** Binigyan tayo ng Dios ng pananampalataya, kung gayon pareho sa pamamagitan ng Buhay na Salita, si JesuCristo, at sa pamamgitan ng nakasulat na Salita na binasa natin sa Biblia ang ating pananampalataya ay patatatagin at dadagdagan ang pagtitiwala nang tiyak sa Salita ng Dios na narinig natin. Samakatuwid nagbabasa tayo ng Biblia at nakikinig sa Salita ng Dios upang ang ating pananampalataya ay masuportahan at maitatag.

Ano ang mga bagay ng ating pananampalataya? Upang magkaroon ng pananampalataya sa Dios. ***“22 At pagsagot ni Jesus ay sinabi sa kanila, Magkaroon kayo ng pananampalataya sa Dios.” (Marcos 11:22 KJV)*** Sinabi ng Jesus sa Kanyang mga alagad na ***“Magkaroon kayo ng pananampalataya sa Dios.” “4 Nang nabalitaan namin ng inyong pananampalataya kay Cristo Jesus, at ang pagibig ninyo sa lahat ng mga banal,” (Colosas 1:4 KJV)*** Pinuri ni Pablo ang mga taga Colosas para sa kanilang ***“pananampalataya kay Cristo Jesus.” “31 At kanilang sinabi, Manampalataya ka sa Panginoong Jesus, at maliligtas ka, ikaw at ang iyong sangbahayan.” (Mga Gawa 16:31 KJV)*** Sinabi ni Pablo at Silas sa mga bilanggo na manampalataya kay Jesus upang siya at ang kanyang sambahayan ay maligtas.

Inilalagay natin ang ating pananampalataya sa Isang Dios: Ama, Anak at Espiritu Santo. Ang pananampalataya ni Abraham ay hindi lamang sa Mga Salita ng Dios, kundi sa mismong Dios.

Ano ang mga bunga ng pananampalataya?

***1***. ***Katubusan. Epeseo 2:8*** sinasabi sa atin sa pamamagitan ng biyaya tayo’y naligtas sa pamamagitan ng pananampalataya.

***2. Inaring ganap. Roma 5:1*** sinasabi tayo'y inaaring ganap sa pamamagitan ng pananampalataya. ***"1 Yaman nga na mga inaaring-ganap sa pananampalataya, mayroon tayong kapayapaan sa Dios sa pamamagitan ng ating Panginoong Jesucristo;" (Roma 5:1 KJV)***
***3. Pagkupkop. Galacia 3:26*** sinasabi tayong lahat ay anak ng Dios sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesus. ***"26 Sapagka't kayong lahat ay mga anak ng Dios, sa pamamagitan ng pananampalataya, kay Cristo Jesus." (Galacia 3:26 KJV)***
***4. Pagpapabanal. Mga Gawa 26:18*** inilarawan kung bakit ang mga alagad ay ipinapadala upang ipahayag ang evangelio, upang ang mga tao ay makatanggap ng kapatawaran ng mga kasalanan at isang lugar sa mga pinabanal sa pananampalataya. ***"18 Upang idilat mo ang kanilang mga mata, upang sila'y mangagbalik sa ilaw mula sa kadiliman at mula sa kapangyarihan ni Satanas hanggang sa Dios, upang sila'y magsitanggap ng kapatawaran ng mga kasalanan at ng mga mana sa kasamahan ng mga pinapaging banal sa pamamagitan ng pananampalataya sa akin." (Mga Gawa 26:18 KJV)***

***Sa aking mahal at minamahal:*** * Sa wakas, ang pananampalataya ay pagtitiwala at pagsunod sa Dios. Ang pananampalataya ay kinakailangan upang tanggapin natin ang gawain ng Dios na kaligtasan at makipag-ugnayan sa Dios at ipagpatuloy ang ating buhay Cristiano. * Ang pananampalataya ay ginagawa sa atin ang isang bagay na hindi inasahan ng iba na posible. Maaaring mayroon kang isang patotoo para dito. * Ang pananampalataya ay maaaring magbago ng iyong buhay. Ang malaking pananampalataya ay maaaring makilala ka mula sa iba at hikayatin ang iba na sundan ang iyong halimbawa ng pananampalataya sa pagsunod sa Dios.

Ngayon maaari tayong lumapit sa Dios at maaari nating hilingin sa kanya. ***"Dagdagan an gaming pananampalataya"***.

Gayundin maari mong sabihin sa Kanya, ***Panginoon nanampalataya ako; tulungan mo ang aking kawalang-paniniwala.*** Ang Dios ay makakagawa ng mga dakilang bagay; mga milagro, pagpapagaling, mga kababalaghan at mga bagay na hindi natin naisip o maisip, ngunit kailangan nating manampalataya upang matanggap ito. ***"37 Sapagka't walang salitang mula sa Dios na di may kapangyarihan." (Lucas 1:37 KJV)*** Manalangin tayo…..

***Ang aking panalangin:*** *Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan at nabuhay mula sa mga patay upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon salamat para sa nakapagpalakas na mensahe na natanggap ko mula sa iyo, dahil alam ko na ikaw, Jesus, ay namatay para sa aking mga kasalanan sa krus upang ako ay magkaroon ng buhay at buhay na masagana sa iyong presensya. Panginoon, salamat sa lahat ng mga pagwawasto, pagbabala at mga paalala na natanggap namin sa mensaheng ito.*

*Magsisi at talikdan mula sa lahat ng iyong mga kasalanan. Magsisi sa iyong kakulangan sa pamanampalataya at ang iyong kakulangan ng pagtitiwala sa Dios at sa Kanyang Salita at mga pangako. Magsisi sa iyong mga pagdududa at pagdadalawang isip. Magsisi na nais mong makita muna bago ka manampalataya. Magsisi sa iyong kawalang kagustuhang ibigay ang iyong buhay, ang iyong puso, ang iyong unang bunga sa Dios, at anumang hinihiling Niya sa iyo na ibigay. Magsisi sa iyong dati at lumang relihiyon at tradisyon. Magsisi sa paggawa ng iyong sariling kagustuhan at hindi ng kalooban ng Dios sa iyong buhay. Magsisi sa kawalang kagustuhang magdusa kay Cristo at sumunod sa Kanyang kalooban at ang plano na mayroon Siya para sa iyo. Magsisi sa iyong kawalang kagustuhang ilaan ang iyong sarili na gawin ang mabubuting gawain na inihandang gawin ng Dios sa iyo. Magsisi sa iyong kakulangan ng pananalangin at kawalan ng pagbabasa ng Salita ng Dios sa Biblia. Magsisi sa iyong pakikisama sa mga di mananampalataya at sa Media. Mga balita at laro. Panginoon Ako'y nagsisisi at talikdan ang sumusunod na mga kasalanan ___________________________________________________________________________.*

*Panginoon Ipinangako ko ang aking sarili na lumabas mula sa dating relihiyon at lumang tradisyon. Panginoon dagdagan mo ang aking pananampalataya sa iyo at sa iyong Salita. Panginoon Nanampalataya ako, tulungan mo akong mapagtagumpayan ko ang aking walang pananampalataya. Tulungan mo akong malampasan ang mga pagdududa sa gayo;y Matanggap ko ang ipinangako mo sa akin. Panginoong Jesus, nakatuon ang aking paningin sa iyo, ang may-akda at ang nagtataguyod ng aking pananampalataya, at nagtitiwala ako ng buong puso na magagawa mo akong malampasan ang lahat ng sumusunod na pagsubok ________________. Panginoon, ipinangako ko ang aking buhay at ang aking layunin sa iyong mga kamay. O Panginoon, itayo mo ako at gabayan mo ako at alagaan mo ako upang magkaroon ako ng tunay at tapat na pananampalataya upang makapamuhay ako ng isang buhay na kaaya-aya sa iyo. Panginoon, ipinangko ko ang aking sarili na ipagpatuloy at paglingkuran ka at sundin ang iyong plano at kalooban sa aking buhay. Salamat Panginoon, ito lamang ang aking hinihiling at dalangin sa pangalan ni Jesus, Amen.*

*Panginoon, salamat para sa lahat ng aking mga Kapatid na nagsisi mula sa kanilang mga kasalanan at ipinangako ang kanilang buhay upang paglingkuran ka; upang mamuhay sa pananampalataya sa iyo at sundin ang iyong kalooban at sa mabuting plano na mayroon ka sa kanila. Panginoon protektan mo sila at ibigay ang*

*lahat ng kanilang pangangailangan. Panginoon gumawa ng mga kababalaghan at himala sa kanilang buhay, lutasin ang kanilang mga problema at patuloy na gabayan sila upang patuloy silang maglingkod sa iyo.*

*Panginoon tulungan mo kami bilang simbahan at gabayan kami ng iyong Banal na Espiritu upang patuloy na iparangal ang iyong Salita at ang iyong kalooban sa mga tao. Panginoon ipinangako namin ang aming sarili na mamuhay sa pananampalataya at sundin ang estilo ng buhay na itinalaga mong sundin namin. Panginoon puspusin mo kaming muli ng Banal na Espiritu at bigyan kami ng Epirituwal na mga kaloob na kailangan namin sa aming buhay upang magpatuloy at mag evangelio, at gumawa ng mga alagad at magsanay ng mga manggagaa na yumaon at magtanim ng maraming pag aaral ng Bibliya at kapisanan para sa simbahan. Panginoon dalangin namin para sa maraming taong mabautismuhan at tanggapin ang bautismo ng Banal na Espiritu. Panginoon ihanda mo kami para sa iyong pagbalik na sumama sa iyo kapag bumalik ka upang kunin kami. Panginoon tuparin nawa ng ang pananaw ng simbahan, "Pagpaparami sa kapayapaan sa pagsasakatuparan ng buong kalooban ng Dios." Panginoon pagpalain kami, palawakin mo ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay, at ilayo kami mula sa pinsala upang hindi kami makaramdam ng sakit. Nawa'y ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pag-ibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380315157600375316 2014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com